Republic of the Philippines
**Department of Education**

DepED

Office of the Secretary

NOV 2 2 2006

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 417 , s. 2006

KINALABASAN NG IKATLONG PAMBANSANG TAGISAN NG TALINO SA WIKA AT PANITIKANG FILIPINO SA ANTAS SEKONDARYA

Sa Mga: Direktor Panrehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Punungguro ng mga Paaralang Sekondarya

1. Alinsunod sa itinatadhana ng Memorandum Pangkagawaran Bilang 278, s. 2006 at bilang isang natatanging programa ng Kawanihan ng Edukasyong Sekondarya na may kaugnayan sa taunang pagdiriwang ng Buwan ng Wika, matagumpay na naidaos ang Ikatlong Pambansang Tagisan ng Talino noong Agosto 16-18, 2006 sa Marikina National High School, Cepeda St., Concepcion, Lungsod ng Marikina.

2. Ang Tagisan ng Talino 2006 ay dinaluhan ng kinatawan mula sa labinlimang rehiyon ng bansa na binubuo ng mga panrehiyong nagwagi, panrehiyong tagapagsanay, panrehiyon at pansangay na tagamasid. Dinaluhan din ito ng mga kinatawan mula sa punong tanggapan ng DepED, Pambansang Punong Rehiyon (NCR), Sangay ng Maynila at Marikina at ng lokal na pamahalaang panlungsod ng Marikina.

3. Ang tagumpay ng nabanggit na gawain ay dahil sa ipinakitang pagkakaisa ng mga opisyal ng Kagawaran ng Edukasyon at lokal na pamahalaan ng Marikina.

4. Malugod na ipinahahatid ng pamunuan ng Kagawarang ito ang mapitagang pagbati sa mga nagsipagwagi sa tagisan. Pagbati rin ang ipinaabot sa mga tagapagsanay, mga tagamasid na sumuporta sa gawain.

5. Nasa kalakip na pahina ang kinalabasan ng Tagisan 2006.

6. Hinihiling ang dagliang pagpapakalat ng mga impormasyong nakapaloob sa Memorandum na ito.

JESLI A. LAPUS
Kalihim

Kalakip:
    Gaya ng Nasasaad
Sanggunian:
    Memorandum Pangkagawaran: (Bilang 298, s. 2006)
Pamumudmod: 1 - -(D.O. 50-97)
Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan sa ilalim
    ng mga sumusunod na paksa:

CONTESTS
Learning Area, FILIPINO
PRIZES or AWARDS
STUDENTS

Reformatted by: Maricar/DM-Tagisan ng Talino
11-16-06

Kalakip sa Memorandum Pangkagawaran Blg. 417, s. 2006

**KAGAWARAN NG EDUKASYON**
Kawanihan ng Edukasyong Sekondarya
SANGAY SA PAGPAPAUNLAD NG KURIKULUM

**IKATLONG PAMBANSANG TAGISAN NG TALINO SA WIKA AT PANITIKANG FILIPINO, MALIKHAING PAGSULAT AT TALUMPATING DI-HANDA SA ANTAS SEKONDARYA**
(Agosto 16 – 18, 2006, Marikina National High School, Marikina City)

| RANK | PANGALAN NG KALAHOK | REHIYON | SANGAY | PAARALAN |
|---|---|---|---|---|
| 1 | Kathleen Kay A. de Guzman | IV-A | Batangas Province | Joseph Marello Institute |
| 2 | Vaupetroanji J. Peña | NCR | Malabon/Navotas | Tinajeros NHS |
| 3 | Rizzly Joyce M. Estacio | III | Bulacan | Pulong Buhangin NHS |
| 4 | Isabelita B. de Guzman | IV-A | San Pablo City | San Pablo City NHS – San Jose Annex |
| 5 | Jan Mikhail G. Solitario | NCR | Caloocan City | Caloocan City Science HS |